SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MAYO 17, 2021, LUNES, IKA-09:52 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – may karamdaman |

**KAPASIYAHAN BLG. 270-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY NA ANG HALAGANG ISANG MILYONG PISO (Php1,000,000.00) NA MAGMUMULA SA PONDO NG MUNICIPAL DEVELOPMENT FUND NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA AY MAGAMIT NG SANGGUNIANG BARANGAY NG GATID PARA SA PAGPAPASEMENTO NG KALSADA (CONCRETING OF BARANGAY ROAD-SITIO MANGGAHAN) AT INSTALLATION OF STREET LIGHTS NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang bumubuo ng Sangguniang Barangay ng Gatid, Santa Cruz, Laguna sa sangguniang ito ng isang resolusyon na pagtibayin ang pondong P1,000,000.00 na magmumula sa Municipal Development Fund ng Pamahalaang Bayan upang mailaan para sa Pagpapasemento ng Kalsada (Concreting of Barangay Road-Sitio Manggahan) at Installation of Street Lights na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 127-T2021 ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT,** layunin ng Sangguniang Barangay Gatid na ang nabanggit na proyekto ay kailangan dahil sa lumalaking populasyon ng mga mamamayan sa barangay;

**SAPAGKAT,** ang kahilingan ay iniliwat sa pinagsamang Lupon sa Pagawaing Bayan, Inprastraktura at Elektripikasyon at Lupon sa Barangay Affairs para pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagsusuri ay inirekomenda ng nabanggit na lupon na pagtibayin ito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg Efren L. Diaz (Tagapamuno ng Lupon sa Pagawaing Bayan, Inprastraktura at Elektripikasyon), na pinangalawahan nina Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin na ang halagang Isang Milyong Piso (Php1,000,000.00) na magmumula sa pondo ng Municipal Development Fund ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ay magamit ng Sangguniang Barangay ng Gatid para sa pagpapasemento ng kalsada (Concreting of Barangay Road-Sitio Manggahan) at Installation of Streetlights ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Mayo 17, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
6/15/21